ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 15
Agosto 7, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Nakasusulasok ang sangsang ng burukrata-kapitalismo sa ilalim ni Marcos

Ang pagdiskaril sa paglilitis ng kasong *impeachment* laban kay Sara Duterte ay isang garapalang pagbusal sa malakas na sigaw ng taumbayan para siya'y papanagutin sa maanomalyang paggamit ng daan-daang milyong pisong pondo ng bayan at iba pang malulubhang kaso ng korapsyon at pag-abuso sa kapangyarihan.

Nagpasya ang buong Korte Suprema at mayorya ng Senado, kabilang ang karamihan ng mga kapanalig ni Marcos, taliwas sa hangarin ng taumbayan na panagutin at parusahan ang mga tiwaling upisyal at umaabuso sa mga sikretong pondo ng reaksyunaryong gubyerno.

Sa hakbanging ito, nangibabaw ang impluwensya at interes ng iba't ibang burukrata-kapitalistang pampulitikang paksyon. Sinasalamin ng pagbabasura sa *impeachment* ang tumitinding pampulitikang maniobrahan at girian, at sabwatan at akomodasyon, ng iba't ibang paksyon ng naghaharing uri.

Pinakahuli lamang ito sa ilang ulit nang salpukan sa pagitan ng mga Marcos at Duterte. Ang malalim na hidwaang ito ng pinakamasasahol na pangkating pasista at mandarambong, kasama na ang iba't ibang paksyon ng mga reaksyunaryong naghaharing uri, ay tiyak na sisiklab pa sa iba't ibang anyo at paraan, laluna't nakatingin na silang lahat sa eleksyong 2028.

Sa ginawang pagsisirku-sirko at paglalaro sa sariling batas at mga proseso ng reaksyunaryong gubyerno, inunsyami ng Korte Suprema at Senado ang paghahangad ng taumbayan na panagutin sa katiwalian si Sara Duterte. Pinanabikan ng sambayanan ang pagkakataon na mabusisi sa publiko ang ginawa niyang paglustay sa ₱612.5 milyon bilang bise presidente at noo'y kalihim ng Department of Education. Subalit higit dito, inabangan nila ang paglilitis upang mabulatlat at ibuyangyang ang kalakaran ng korapsyon ng buong naghaharing reaksyunaryong gubyerno.



Batid ng sambayanang Pilipino na ang paglustay ni Duterte sa pondo ng bayan ay salamin lamang ng mas masahol at mas malawak na korapsyon ng buong naghaharing reaksyunaryong gubyerno. Ang panawagang siya'y panagutin at parusahan ay bahagi lamang ng sigaw para panagutin ang lahat ng upisyal na nagpapakasasa sa kapangyarihan.

Ang malalalang kaso ng katiwalian at pagnanakaw sa gubyerno sa ilalim ng ama niyang si Rodrigo Duterte, ngayon ay hinihigitan pa ng garapalang pandarambong sa ilalim ni Ferdinand Marcos Jr—ang kasalukuyang hari ng mga magnanakaw sa gubyerno. Ang dating ilampung bilyong pisong ibinulsa ni Duterte ay dinadaig ng ngayo'y daan-daang bilyong kinukulimbat ni Marcos sa Maharlika Investment Fund, "confidential and intelligence funds," kaliwa't kanang proyektong imprastruktura at nabawi nang nakaw na yaman ng kanyang pamilya.

Labis ang pagdurusa ng sambayanan sa malalang korapsyon ng pinakamatataas na upisyal sa gubyerno. Kabilang sa resulta nito ang kamakailang dinanas na malawak na pagbaha, nagtataasang presyo ng bigas at mga bilihin, lumalaking singilin sa bulok na mga serbisyong publiko, pagtanggi ng estado na ipag-utos ang umento sa

sahod, pang-aagaw at pagpapalit-gamit sa lupa, pagdagsa ng imported na kalakal, pagwasak sa kalikasan, kawalang suporta sa mga biktima ng sakuna, pati na ang malalang pandaraya sa eleksyon, malulubhang paglabag sa karapatang-tao at pasistang karahasan.

Kasabwat o kasosyo nila ang malalaking negosyante at mga dayuhang kapitalista at mga bangko na nabibiyayaan ng mga kontrata ng gubyerno. Nakakukuha sila ng mga kikbak at suhol, at iba pang pakinabang mula sa kanilang kapangyarihan o impluwensya. Gamit ng mga burukrata-kapitalista ang kanilang kapangyarihan upang paburan ang kanilang interes, at ng kanilang mga kamag-anak, kaibigan o kakampi.

Pinagtitibay at ipinatutupad nila ang mga batas o programa na pabor sa mga dayuhang malalaking kapitalistang mamumuhunan. Paborito ng rehimeng Marcos, pati na ng mga nagdaang burukrata-kapitalistang rehimen, ang mga proyektong pang-imprastruktura—mga kalsada, tulay, pati na mga "flood control projects" kung saan karaniwan nang hindi bababa sa 10% ng halaga ng proyekto ang kanilang naibubulsa.

Sa pagtalumpati kamakailan ni Marcos sa Kongreso, umasta siyang galit sa mga palpak na proyektong kontra-baha, para lamang umiwas sa paniningil ng bayan. Ang totoo, bawat isa niyon ay masusing nirepaso ni Marcos upang tiyakin walang proyektong hindi mag-aambag sa palaki nang palaki niyang kulimbat. Galit si Marcos sa mga nagsisingit sa badyet ng mga proyekto na hindi muna tinitiyak ang kanilang porsyentong ambag.

Sa harap ng mga ito, lalong sumisidhi ang pagnanais ng sambayanang Pilipino na singilin at panagutin ang mga burukrata-kapitalistang nang-aapi at pagpapahirap sa kanila. Sa gitna ng hindi malutas-lutas na krisis sa ekonomya ng naghaharing sistema sa Pilipinas, lalo nagiging garapal, madamot at walang renda ang paggamit nila sa kapangyarihan para sa pagpapayaman, habang pabigat nang pabigat ang ipinapataw na buwis at singilin sa balikat ng bayan. Palaki nang palaki ang utang ng Pilipinas na ipinapapasan sa taumbayan.

Anupaman ang ginamit na katwirang ligal, ang ginawang pagsalag ng Korte Suprema at Senado kay Sara Duterte laban sa *impeachment*, sa pinaka-esensya, ay pagtatanggol sa burukrata-kapitalismo at sa buong nagnanaknak na sistemang malakolonyal at malapyudal. Lalo nitong pinaaalab ang hangarin ng bayan na wakasan ang naghaharing sistema na itinayo sa pundasyon ng korapsyon at pagpapakasasa sa yaman ng iilan. Labis nang nasusulasok ang umaalingasaw na baho ng bulok na naghaharing sistema.

Sa pagbasura sa *impeachment*, inuudyok ng rehimeng Marcos at lahat niyang alipures ang mga sektor at grupong dating tahimik at nasa gilid lamang, na magsalita at pumagitna sa paglaban ng sambayanan. Napukaw na magpahayag ang maraming taong-simbahan, abugado, mga guro, duktor, nars, maliliit na propesyunal at iba pa, upang isaad ang kanilang hinaing laban sa katiwalian at abuso sa kapangyarihan. Iugnayin at isanib ang kanilang tinig sa mas malakas na sigaw at pakikibaka ng mga batayan at demokratikong uri para sa nakabubuhay na sahod, pagpapababa ng presyo ng mga bilihin at singil sa serbisyo, tunay na reporma sa lupa, regular na trabaho, karapatan sa pangisdaan, libreng serbisyong pabahay, sapat na badyet sa edukasyon at iba pa.

Habang pinalalakas ang nagkakaisang tinig ng bayan para batikusin ang pagdiskaril sa paglilitis kay Sara Duterte, dapat paalingawngawin ang sigaw ng sambayanang Pilipino laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo—ang tatlong-ulong ulupong na lumilingkis at unti-unting pumapatay sa sambayanan.

Habang nagmamartsa sa lansangan upang ipahayag ang pinakamalalakas na protesta, dapat bagtasin ang landas patungo sa kanayunan para palawakin at palakasin ang armadong paglaban ng Bagong Hukbong Bayan. Sa pamamagitan lamang ng rebolusyonaryong pakikibaka, ganap na madudurog ang bulok na sistema at maitataguyod ang tunay na demokrasyang bayan. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 15 | Agosto 7, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Nakasusulasok ang sangsang ng burukratang kapitalismo sa ilalim ni Marcos 1
Ika-4 na SONA ni Marcos Jr 3
Wala na raw grupong gerilya? 4
7 sundalo ng 8th IB, napatay sa engkwentro 4
Impeachment trial kay Duterte, pinatay ng Senado 5
Pulong ni Trump at Marcos Jr 5
Pambobomba, pamamaslang at panggigipit 6
Pang-aabuso sa mga Pilipinong migrante 6
Sakuna sa Cavite, dala ng delubyong Marcos 7
Sa madaling salita 8
Proseso ng pagbubuwag sa BIAF, itinigil 9
PENCAS at SFLMA 10


Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Sa ika-4 na SONA

Papet, pasista at korap na rehimeng Marcos, siningil ng taumbayan

Libu-libong Pilipino ang nagtungo sa lansangan noong Hulyo 28 sa Metro Manila at mga prubinsya, maging sa ibayong-dagat, para ilantad ang tunay na kalagayan ng mamamayan sa ilalim ng tatlong taong paghahari ng rehimeng Marcos. Ang mga demonstrasyon, na taunang inilulunsad bilang pantapat sa State of the Nation Address (SONA) ng nakaupong presidente, ay tinagurian ngayong taon bilang SONA ng Paniningil.



Nagmartsa ang iba't ibang sektor at grupo sa Commonwealth Avenue, Quezon City patungo sa House of Representatives sa Batasan Hills sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan). Tulad sa nakaraan, pinigilan ng libu-libong pulis ang martsa kaya natulak ang mga grupo na maglunsad ng programa ilang kilometro pa ang layo sa Batasan.

Ayon sa Bayan, ang SONA ng Paniningil ay ang lehitimo at demokratikong tugon ng bayan sa pagsasamantala at pang-aapi na ipinapatupad ng rehimeng US-Marcos.

Itinampok sa demonstrasyon ang kainutilan ng rehimen na tugunan ang epekto ng kamakailang magkakasunod na bagyo at hanging habagat na nagdulot ng matinding pag-ulan at pagbaha. Binatikos rin nila ang samutsaring balakid na ipinapataw ng mga institusyon ng estado, tulad ng Korte Suprema, na nagdiskaril sa paglilitis sa kasong *impeachment* laban sa bise presidente na si Sara Duterte.

Kinundena din sa pagkilos ang higit pang konsolidasyon ng kapangyarihang pampulitika ng rehimeng Marcos sa nagdaang mga taon sa pamamagitan ng pagsusunud-sunuran sa dikta ng imperyalismong US sa ekonomya, patakarang panlabas at pambansang seguridad. Binatikos rin nila ang nagpapatuloy na mga mapanupil na patakaran tulad ng Anti-Terrorism Law, ang National Task Force-Elcac at ang National Action Plan for Unity, Peace and Development, at maging ang "gera sa droga" ng dating rehimeng Duterte.

Nakiisa rin sa demonstrasyon ang mga pambansa-demokratikong grupo mula sa Southern Tagalog at Central Luzon.

Bago ang mismong araw ng SONA, naglunsad ang mga organisasyon ng protesta sa iba't ibang ahensya ng rehimeng Marcos para singilin at panagutin sa kanilang kawalang tugon at bulok na mga serbisyo.

Samantala, halos 1,000 katao ang lumahok sa pagkilos sa Iloilo City. Ikinasa rin ang mga pagkilos sa Naga City sa Camarines Sur, Roxas City sa Capiz, Kalibo sa Aklan, Bacolod City, Cebu City, Tacloban City at Davao City. Samantala, isang porum ang inilunsad sa Baguio City noong Hulyo 27.

Sa labas ng Pilipinas, inilunsad ang mga demonstrasyon sa Hong Kong, South Korea, New Zealand, Australia, sa mga estado sa US, Canada, Netherlands, Germany at United Kingdom. Karamihan sa mga aktibidad ay isinagawa sa tapat ng mga konsulado ng Pilipinas para iparating sa gubyerno ang kanilang mga hinaing.

SONAng walang laman

Tulad ng inaasahan, walang laman na makabuluhang ulat at patakarang makapagpapaunlad sa kalagayan ng Pilipinas ang talumpati ni Marcos. Nagbulalas lamang si Marcos ng mga pampalamuting proyekto, nagyabang sa ₱20/kilo na bigas na binebenta sa iilang tindahan, at iba pa.

Para sa taumbayan, hungkag ang deklarasyon ni Marcos kontra sa korapsyon laluna at patuloy na umiiral ang bilyun-bilyong piso niyang *confidential funds*. Dagdag rin dito ang pagpigil niya sa pag-usad ng kasong *impeachment* laban kay Duterte.

Pekeng binatikos ni Marcos ang mga upisyal ng gubyerno sa mabagal na pagpapatupad sa mga proyektong pangkontrol sa baha na korapsyon ang dahilan. Sa katotohanan, lagpas sa batbat ng koraspyong mga proyekto, si Marcos ang pangunahing delubyo dahil pinahihintulutulan niya ang mapangwasak na pagkukwari, *dredging*, pagmimina at mga proyektong reklamasyon ng malalaking negosyo ng mga burukrata-kapitalista.

Hungkag ang mga binanggit niyang proyekto para sa kalusugan, edukasyon, at iba pang serbisyong panlipunan. Maraming mahahalagang isyu ang hindi niya binanggit kabilang ang malaon nang panawagan para sa dagdag-sahod ng mga manggagawa, lupa sa mga magsasaka, at iba pa. AB

Wala na raw grupong gerilya?

KABILANG SA MGA ipinagyabang ni Ferdinand Marcos Jr sa kanyang SONA ang deklarasyon na "wala nang grupong gerilya sa bansa." Isa itong kasinungalingan at purong panloloko laluna at nakapagpupunyagi at nakatatamasa ng malalim at malawak na suporta ng mamamayan sa kanayunan ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at rebolusyonaryong kilusan.

Ayon sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), simula noong 2017 kasabay ng pagpapatupad ng pinabagsik at brutal na kampanyang paglipol ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ay muli nang isinaayos at ipinakat ang mga yunit gerilya ng BHB upang lalo pang palalimin at palawakin ang pag-ugat nito sa mamamayan. Patuloy ngayong lumilitaw ang isang bagong henerasyon ng mga batang Pulang mandirigma mula sa hanay ng mga manggagawa, magsasaka, at intelektwal na petiburges, ayon sa Partido.

Isinusulong ng mga Pulang mandirigma ng BHB ang armadong rebolusyon nang may higit na matibay na determinasyon na tupdin ang kilusang pagwawasto na pinanawagan ng Partido para sa muling pagpapalakas sa armadong pakikibaka sa kanayunan.

Liban dito, tuwirang sinasalungat ng sariling mga hakbang ni Marcos ang kanyang mga pahayag na wala nang grupong gerilya sa bansa. Sa harap ng paulit-ulit na pag-aanunsyo ng AFP na tututok na ito sa "eksternal na depensa," mayorya pa rin sa mga batalyong pangkombat nito ang nakapakat laban sa mga larangang gerilya ng BHB sa buong bansa. Sa katunayan, kabi-kabila pa rin ang iniuulat kahit ng AFP na mga engkwentro sa mga yunit ng BHB sa mga prubinsya sa nagdaang mga buwan.

Ayon kay Marco Valbuena, punong upisyal sa impormasyon ng Partido, ang engrandeng deklarasyon na ito ni Marcos ay sasabog sa kanyang mukha. Sa kabila ng lahat ng makapangyarihang armas na ibinibigay ng US sa rehimeng Marcos ay bigo at mabibigo itong pigilan ang patuloy na muling paglago at paglawak ng BHB, na nananatiling malalim na nakaugat sa mamamayan.

"Dahil sa papet, pasista at korap na rehimen ni Marcos, patuloy na tumataba ang lupa para sa armadong pakikibaka," ani Valbuena.

Liban dito, sinabi ng PKP na ang deklarasyon ni Marcos ay katumbas ng deklarasyon ng pagpatay sa posibilidad ng pakikipag-usapang pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

"Nagmamatigas siya at ang mga upisyal ng National Task Force (NTF)-Elcac na tumangging kilalanin at tugunan ang mga ugat ng armadong tunggalian," ayon kay Valbuena.

7 sundalo ng 8th IB, napatay sa engkwentro sa BHB-Bukidnon

INIULAT NITONG Agosto ng Bagong Hukbong Bayan-Bukidnon ang resulta ng engkwentro ng isang yunit nito at mga elemento ng 8th IB sa Sityo Tubigon, Barangay Busdi, Malaybalay City, Bukidnon noong Hulyo 1. Nagresulta ang naturang engkwentro sa pagkamatay ng hindi bababa sa pitong sundalo ng 8th IB.

Dahil sa pinsalang dinanas ng 8th IB, nagpaputok ng kanyon ang yunit militar noong Hulyo 1 at Hulyo 2 bilang ganti sa masang sumusuporta sa hukbo. Walang yunit ng BHB-Bukidnon ang natamaan ngunit nagdulot ito ng takot sa mga komunidad ng mga magsasaka at Lumad sa lugar.

Apat na bala ng kanyon ang unang pinaputok noong alas-12:30 ng hapon ng Hulyo 1.

Kinabukasan, muling nagpasabog ng apat na bala ng kanyon ang AFP noong alas-3 ng madaling araw. Nasa kalagitnaan ng pagpapahinga ang mga sibilyang populasyon nang nagpasabog ng kanyon ang mga berdugo.

Paglilitis kay Sara Duterte sa kasong *impeachment*, pinatay ng Senado

TULUYAN NANG PINATAY ng Senado ang paglilitis kay bise presidente Sara Duterte sa mga artikulo ng *impeachment* na kinahaharap niya dahil sa katiwalian at korapsyon. Noong Agosto 6, bumoto ang 19 na senador para i-"arkibo" ang kaso bilang pagsunod umano sa desisyon na inilabas ng Korte Suprema noong Hulyo 25.

Sa desisyon ng korte, idineklara nitong "di konstitusyunal" ang pagkaka-*impeach* kay Duterte dahil nilabag ng House of Representatives ang sarili nitong proseso sa *impeachment*. Sinabi ng korte na nilabag ang "isang taong palugit" bago muling magsampa ng kaso ng *impeachment*. Umani ng kabi-kabilang batikos ang desisyon, kabilang mula sa dating mga mahistrado ng Korte Suprema. Anila, nagpasok din ito ng mga bagong hakbang sa proseso ng *impeachment* na wala sa konstitusyon at may pagmamalabis sa naging hakbang ng korte. Nanawagan silang kagyat na repasuhin ng korte ang desisyon.

Para batikusin ang desisyon ng Senado at Korte Suprema, naglunsad ng mga demonstrasyon ang mga grupo sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan. Araw-araw silang nagprotesta mula Agosto 5-7, at noong Hulyo 26 at 29.

Samantala, nagsampa ng liham ang alyansang Tama Na sa Korte Suprema noong Agosto 5 na pinirmahan ng higit 100 indibidwal mula sa mga sektor ng edukasyon, kabataan, kalusugan, at simbahan. Panawagan nila na magsagawa ng *oral argument* para makuha ng korte ang mga bagong panig na magbibigay-daan sa pagbaligtad ng desisyon nito.

Pulong ni Trump at Marcos Jr: Ibayong pagsuko sa kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas

Ilang araw bago ang ika-apat na State of the Nation Address ni Ferdinand Marcos Jr, ipinatawag siya ni Donald Trump, presidente ng US, para sa "negosasyon" noong Hulyo 20-22 hinggil sa laki ng taripa sa mga produkto mula sa Pilipinas at iba pang konsesyon sa ekonomya at militar. Tulad ng tapat na tagasunod, inalay ni Marcos sa kanyang imperyalistang amo ang kalayaan at kasarinlan ng bansa.

Pumayag si Marcos na ganap na alisin ang mga taripa sa mga produktong Amerikano. Pinalalabas ni Marcos na ang pakanang "zero tariffs" ay "konsesyon" na nakamit matapos "ibaba" ni Trump ang ipapataw nitong taripa sa mga eksport ng Pilipinas nang 1%, mula 20% tungong 19%. Pilit ding pinaliliit ng rehimen ang epekto ng "zero tariffs" sa mga produktong pang-eksport ng Pilipinas at sinabing nasa $3-$6 bilyon lamang ang mawawalang kita ng Pilipinas mula rito.


Ang totoo, walang nakamit si Marcos sa pagpapababa ng taripa. Bago nahalal si Trump sa kanyang pangalawang termino ay nasa 2%-3.6% lamang ito. Itinaas ni Trump ang taripa sa lahat ng mga iniieksport ng US tungong 10% pag-upo niya sa pwesto. Noong Abril, itinakda niya sa 20% ang "tumbasang taripa" sa mga mayor na produkto sa agrikultura na iniluluwas ng Pilipinas sa US tulad ng niyog, mga prutas at asukal. Tulad sa nakaraan, hindi papatawan ng tinaas na taripa ang mga produktong tulad ng semikonduktor, na minamanupaktura para sa mga kumpanyang Amerikano sa Pilipinas.

Sa kabilang banda, lalong ibinukas ni Marcos ang lokal na ekonomya sa pagtatambak ng sobrang produkto mula sa US tulad ng mga kotse, soy, trigo at parmasyutikal. Sa mga produktong ito pa lamang, tinatayang mawawalan na ng hanggang ₱3.9 bilyong kita ang estado. Sa taya ng Ibon Foundation, maaaring umabot sa ₱31-₱35 bilyon taun-taon ang mawawalang kita ng Pilipinas kung saklawin ang iba pang mga eksport ng US sa bansa.

Ang Pilipinas ang pinakamalaking tambakan ng US ng mga produkto sa agrikultura nito sa Southeast Asia at ika-8 sa buong mundo. Kabilang sa mga inieksport nito sa Pilipinas ay karne at pinrusesong gulay, na tiyak na hihila pababa sa produksyon at halaga ng lokal na produksyon. Samantala, ang pagbaha ng mga yaring produkto ay lalong babansot sa kapasidad ng bansa na magmanupaktura at magprodyus para sa sariling pangangailangan.

Konsesyong militar

Dagdag ding isinuko ni Marcos kay Trump ang kalayaan ng Pilipinas nang bigyan niya ng higit pang mga insentiba at konsesyon ang mga kumpanyang Amerikano para magtayo ng mga pabrika at operasyon sa bansa. Ilan sa mga ito ang Cerberus, I Square Capital, KKR & Co at Global Infrastructure Partners, mga kumpanyang nakatakdang mamuhunan sa paggawa ng barko, lohistika at enerhiya para suhayan ang pagpapalawak ng pamilihan at presensyang militar ng US sa Pilipinas at sa Asia. Nangako ang US na magbubuhos ng hanggang $3 bilyong pondo sa Pilipinas, pero para ito sa kumpanyang Amerikano na mamumuhunan sa tinaguriang Luzon Economic Corridor.



Kahit bago pa ang bisita noong Hulyo, abala na si Marcos sa pagbibigay ng dagdag na mga lokasyon para maging base militar ng US. Pinakahuli dito ang pagbubukas niya sa kanlurang bahagi ng baybayin ng Davao Gulf (saklaw ang Davao City, Davao del Sur at Malalag Bay) para itayo ang "fuel depot" na iimbakan ng 159 milyong litrong disel taun-taon para sa malalaking barkong pandigma ng US. Dito kukuha ng panggatong kapwa ang mga barko at eroplanong pandigma na nakapondo sa mga karagatan ng Sulu at Celebes. Ang *fuel depot* na ito ay panghalili sa mayor na *depot* ng militar ng US sa Hawaii, na permanenteng isinara noong 2022 dahil sa tagas nito na nagkontamina sa maiinom na tubig ng kalapit na mga komunidad.

Bago nito, ibinukas na ni Marcos ang Subic para sa pagawaan ng bala, bomba at iba pang amunisyon; ang mga isla ng Grande at Chiquita na malapit sa baybay ng Subic para sa dagdag na baseng pangsarbeylans ng mga pwersang Amerikano; at ang kalakhan ng baybayin at karagatan ng hilagang bahagi ng Palawan, kasama ang Oyster Bay, bilang base at kumpunihan ng mga barkong pandigma ng US. AB

Pambobomba, pamamaslang at panggigipit, walang awat

Taliwas sa binanggit ni Ferdinand Marcos Jr sa kanyang ika-4 na SONA na "tahimik" at "mapayapa" na ang Pilipinas at na "wala nang grupong gerilya" sa bansa, walang awat ang mga pambobomba, pamamaslang at panggigipit ng mga pwersa ng militar at pulis sa mga sibilyang komunidad at lumalabang mamamayan sa tabing ng kampanyang kontra-insurhensya.

Pambobomba. Takot, troma at pangamba ang hatid ng pambobomba at pang-iistraping mula sa himpapawid ng AFP sa mga sibilyang komunidad sa Northern Samar at Quezon.

Ilang ulit na nagpakawala ng bomba mula sa himpapawid ang 8th ID sa Barangay San Isidro, Las Navas, Northern Samar noong Hulyo 31, alas-2:30 ng madaling araw. Sinasabi ng militar na tinarget ng pag-atakeng ito ang isang yunit ng hukbong bayan sa lugar, gayunman, lubha itong nakaapekto sa sibilyang populasyon. Matapos nito, ipinailalim sa hamlet ng 8th ID ang Barangay San Isidro at ang mga barangay na nakapalibot dito kabilang ang Barangay Imelda.

Sa Quezon, biktima ng pag-iistraping, panganganyon at pambobomba ng 16th IB ang Barangay Maguibuay, Tagkawayan noong Agosto 2. Dalawang helikopter ang nang-istraping ang ginamit sa istraping para umano tugisin ang nakaengkwentrong yunit ng hukbong bayan noong umaga sa araw na iyon.

Pagpatay at tangkang pagpatay. Binaril at napatay sina Rudolph Dela Cruz Espe at Rico Gonzaga Malubay, mga tagapagtanggol ng kalikasan at karapatan ng katutubo, sa Banaybanay, Davao Oriental noong Hulyo 27. Pareho silang aktibong lumalaban sa mapangwasak na mina sa prubinsya dahil sa pinsalang idinudulot nito sa kapaligiran at kabuhayan ng mamamayan. Nagsilbi rin silang mga *paralegal* ng mga abugado ng Atene de Davao University sa nakaraan.

Sa Occidental Mindoro, dinakip at sadyang pinaslang ng mga sundalo ng 4th IB ang sibilyang si Juan Sumiling sa Sityo Salidang, Barangay Naibuan, San Jose noong Agosto 1. Ang biktima ay pinalabas ng mga sundalo na myembro ng hukbong bayan na napatay sa isang engkwentro. Pinasinungalingan ito ng National Democratic Front-Mindoro.

Sa General Santos City, malubhang nasugatan si Warren Cahayag, tagapagtanggol ng karapatang-tao, matapos ilang beses na barilin sa Purok Bliss, Barangay Calumpang noong Hulyo 28. Si Cahayag ay isang *paralegal* na kabilang sa nagtatag ng Union of Peoples' Lawyers in Mindanao noong 2005.

Panggigipit. Noong Hulyo 28, isang sundalo ng 17th IB ang nagtanong tungkol kay Jacqueline Ratin, lider-pesante at kababaihan sa Cagayan Valley, sa upisina ng barangay ng Gabut, Amulong, Cagayan. Muli siyang tinarget ng panggigipit matapos tumulong sa pag-aayos ng *disaster relief operation* sa prubinsya.

Sa Central Negros, inakyat at kinatok ng mga sundalo ang bahay ng mga sibilyang residente sa Sityo Tagbak, Barangay Trinidad, Guihulngan City nang walang kahit anong ligal na dokumento noong Agosto 1. Bago nito, iligal na nagkampo ang mga sundalo sa bahay ng isang sibilyan sa Sityo Sampungan, Barangay Macagahay, Negros Occidental noong Hulyo 26. AB

Pang-aabuso sa mga Pilipinong migrante, napaimbestigahan

SA TULAK NG mga organisasyong Pilipino, nailunsad ang magkahiwalay na imbestigasyon sa kalagayan ng mga migranteng Pilipino sa The Netherlands at South Korea.

Noong Agosto 1, naglunsad ng imbestigasyon ang Ministry of Employment and Labor ng South Korea kaugnay sa reklamong hindi pagpapasahod sa 91 Pilipinong manggagawa sa sakahan ng Yanggu, Gangwon Province. Pumasok ang mga migrante sa Korea sa pamamagitan ng "seasonal worker program," isang inisyatiba ng gubyerno na nagpapahintulot sa mga dayuhang manggagawa na magtrabaho sa bansa sa limitadong panahon upang punan ang malawakang kakulangan ng mga manggagawa tuwing panahon ng pagtatanim o anihan at pangingisda.

Sa The Netherlands, naitulak ng mga organisasyon ang imbestigasyon sa hindi makataong kundisyon sa paggawa kung saan sangkot ang 11 migranteng Pilipino. Nagtatrabaho sila bilang mga tagalinis sa isang sikat na sangay ng mga *gym* para sa mayayaman at mga artista na Saints and Stars Gym sa Amsterdam. Ayon sa isinampang reklamo, pinagtatrabaho sila, kasama ng mga migranteng manggagawang Indonesian, nang buong linggo nang lagpas 12 oras kada araw. Kinuha ng superbisor ang kanilang pasaporte at minsan ay hindi sila sinasahuran. Nagsisiksikan ang 11 sa kanila sa apat na maliliit na kwarto. Ang kanilang kalagayan ay labag sa Minimum Wage and Minimum Allowance Act at Working Hours Act ng bansa. Walang permit para magtrabaho ang mga migranteng manggagawa.

Inimbestigahan ng Labour Inspectorate ang kaso na nagresulta sa pag-aresto ng Public Prosecution Service sa akawntant ng kumpanya sa posibleng kaso ng pagdudoktor ng mga dokumento at rekord ng kumpanya.

Naglunsad ng kampanya ang Migrante Korea at Bayan Europe upang ipanawagan ang hustisya para sa sa mga migranteng Pilipino. Maliban dito, nanawagan rin sila ng pananagutan mula sa rehimeng US-Marcos na nagpapatuloy ng *labor export program*.

Mga sakuna sa Cavite, dala ng delubyong rehimeng US-Marcos



Ang prubinsya ng Cavite ang isa sa mga nasalanta ng malakas na buhos ng ulan dulot ng bagyong Crising at habagat. Noong Hulyo 22, idineklara ang *state of calamity* sa buong prubinsya.

Hindi bababa sa siyam na bayan at munisipalidad ng prubinsya ang nalubog sa baha. Sa Bacoor, 43 ng 47 na barangay ang naitalang naapektuhan. Kalakhan ng naninirahan dito ay mga maralitang-lunsod, manggagawa at mangingisda. Kahit ang malaking engklabo tulad ng Cavite Economic Zone (CEZ) ay hindi ligtas sa baha. Umabot sa 1,345 na pamilya ang inilikas dahil dito.

Nasa 30,000 lokal na mangingisda naman ang naapektuhan ang kabuhayan dahil hindi makalaot sa lakas ng alon.

Tinatayang nasa ₱3.2 milyon ang halaga ng nasirang produkto sa agrikultura sa bayan ng Alfonso, Naic, at Tanza. Nasira rin ang halagang ₱1.5 milyon na palay sa bayan ng General Trias, Imus at Naic, at ₱407,500 na mais sa bayan ng Alfonso at Tanza.

Sa kabila ng lahat ng ito, kibit-balikat lamang si Marcos sa delubyong kinakaharap ng mamamayang Pilipino. Tinawag pa niyang "new normal" at hindi na diumano ekstraordinaryo ang malalang pagbaha. Sa halip na harapin ang problema sa pagbaha, hugas-kamay at papogi siya sa kanyang talumpati sa ika-apat na State of the Nation Address. Sinabihan niyang "mahiya naman kayo" ang mga upisyal ng gubyerno na kumikita sa palpak na proyekto sa pagkontrol sa baha. Ipinagmamayabang pa niya ang 9,856 na nakumpletong *flood control projects* na binuhusan ng mahigit kalahating trilyong piso mula 2022 na hindi madama ang epekto.

Ngunit ang totoo, siya mismo ang numero unong dahilan ng pagkasira ng kalikasan na nagdulot ng malawakang pagbaha sa bansa. Patuloy na pinahihintulutan ng rehimen ang operasyon at pagtatayo ng mga proyektong kumbersyon na nagreresulta sa hindi na malulunasan na kapinsalaan sa malalawak na kalupaan at karagatan sa lalawigan.

Kabilang sa mga proyektong ito ang 421-ektaryang Diamond Reclamation Project at Bacoor Reclamation and Development Project ng Frabelle Fishing Corporation; konstruksyon ng dambuhalang Serin *condominium estates* at Ayala *malls* ng mga Ayala sa bahaging Tagaytay; pagtatayo ng River Revetment Wall sa Sityo Pasipit, Barangay Tubuan 3, sa bayan ng Silang; ang 3,500 ektaryang Villar City Project na saklaw ang bahaging Barangay Salawag at Barangay Paliparan sa Dasmariñas at ang 11.7 kilometrong LRT-1 Cavite Extension sa apat na barangay ng Bacoor. Kapalit ng mga proyektong ito ang pagkawasak ng kabuhayan ng libu-libong mamamayan sa Cavite at malawakang dislokasyon.

Pangunahing kinasasabwat ng rehimen ang mga lokal na burukrata-kapitalista at pampulitikang dinastiya na naghahari ngayon sa bawat distrito ng lalawigan at nakikinabang sa mga mga proyekto tulad ng mga pamilyang Tolentino, Barzaga, Revilla-Bautista at Advincula.

Ayon kay Simeon Magdiwang, tagapagsalita ng NDF-Cavite, dapat magkaisa ang pinakamalawak na hanay ng mamamayang Kabitenyo para singilin ang rehimeng US-Marcos sa lahat ng krimen nito sa sambayanang Pilipino. "Tanging sa pagyakap sa landas at programa ng pambansa-demokratikong pakikibaka na may sosyalistang perspektiba natin makakamit ang tunay na pag-unlad at pagbabago. Ang pagtahak sa landas na ito ang magiging puhunan ng ating laksa-laksang lakas upang dalhin sa tagumpay ang ating rebolusyonaryong pakikibaka. Sa landas lamang na ito natin masisilayan ang maaliwalas na kinabukasan para sa sambayanan," pahayag ni Ka Simeon. AB

PINAG-ISANG PINSALA NG MGA BAGYONG CRISING, DANTE AT EMONG + HANGING HABAGAT



₱14 BILYON
IMPRASTRUKTURA



₱3.3 BILYON
AGRIKULTURA

254*
NAGDEKLARA NG STATE OF CALAMITY

*syudad at munisipalidad, karamihan sa Region 1

SA MADALING SALITA

₱943.8 B

inilaan ng rehimeng Marcos para sa mga proyekto sa "flood control" mula 2022, na pawang walang silbi sa muling pagbaha sa iba't ibang bahagi ng bansa nitong Hulyo.

52.9%

ng eksport ng Pilipinas sa US ay mga **produktong elektroniko** na minamanupaktura sa loob ng bansa ng mga dayuhang kumpanya. Lahat ng pakinabang nito ay napupunta sa kanila at hindi sa lokal na ekonomya.

547,000 bariles

idinagdag sa 41-42 milyong bariles na arawang produksyon ng mga bansa sa OPEC+ upang panatilihin sa $70/bariles ang presyo ng krudong langis.

2,000

naitalang nagpakamatay sa loob ng unang 6 buwan ng 2025, mayorya kabataan, marami dulot ng pisikal at *online bullying*.

₱1.18 bilyon

kita ng **Primewater** ng pamilyang Villar noong 2023 sa kabila nang kawalan ng tubig at pangit na serbisyo nito.



Agosto 6, 1945

inihulog ng US sa bayan ng **Hiroshima** sa Japan ang unang bomba atomika, na pumatay sa 140,000 katao. Ininda ng mamamayang Japanese ang iniresultang *radiation* ng bomba na nagdulot ng kanser at iba pang sakit, kahit 80 taon na ang lumipas.



300,000

nagrali sa **Sydney**, Australia noong Agosto 3 para ipanawagan ang kapayapaan at agarang pagpasok ng ayuda sa **Gaza** sa gitna ng brutal na henosidyo ng US-Israel sa mamamayang Palestino.



175

katao, kung saan 93 ang bata, ang **namatay dahil sa gutom** sa Gaza dulot ng pagtanggi ng Zionistang Israel na buksan ang mga hangganan para makapasok ang daan-daang trak ng pagkain na nakapila sa labas lamang ng teritoryo.

Naagnas na kapayapaan

Proseso ng pagbubuwag sa BIAF, itinigil ng MILF

Noong Hulyo 19, pinagtibay ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) ang resolusyon para itigil ang pag-dekomisyon o pagtatanggal sa 14,000 mandirigma mula sa armadong grupo nitong Bangsamoro Islamic Armed Forces (BIAF) at pagsasalong sa 2,450 nilang armas. Alinsunod sa resolusyon, mananatili ang desisyon hanggang hindi naipatutupad ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ang maraming probisyon na dapat kasabay ng proseso ng "normalisasyon" ng buhay ng mga mandirigmang Moro. Ang naturang proseso ay bahagi ng Comprehensive Agreement on the Bangsamoro (CAB), ang "pinal na kasunduan sa kapayapaan" na pinirmahan ng dalawang panig noong 2014.

Ayon sa MILF, sa lampas 10 taon na pag-iral ng CAB, subalit nabigo ang GRP na tumupad sa mga obligasyon nito sa kasunduan. Ayon sa isang pag-aaral na inilabas ng dayuhang mga institusyong sumusubaybay sa proseso, sangkatlo lamang sa 40 probisyon ng prosesong normalisasyon ang lubos na napatupad, kalakhan sa panig ng MILF. Kalahati (20) sa mga probisyon ay nanatili sa antas ng "minimun na pagpapatupad," apat ang "kalahating naipatupad" at lima ang hindi pa nasisimulan. Marami sa mga probisyong minimum at buong naipatupad ay naganap sa unang mga taon lamang ng kasunduan.

Kabilang sa halos hindi ipinatupad ang paglilipat ng mga tropa at yunit ng AFP mula sa mga teritoryo ng MILF at integrasyon ng mga mandirigmang Moro sa pwersa ng militar at pulis. Hindi ipinatupad ang pagsasaayos ng mga kampo, kung saan nakatira kapwa ang mga mandirigma at kanilang mga pamilya. Hanggang ngayon, marami pang mandirigma na may kasong may kaugnayan sa armadong sigalot ang hindi pa nabibigyan ng amnestiya.

Ang masaklap, 14% lamang ng mga proyektong sosyo-ekonomiko ang ganap na naipatupad. Mahigit 43% ang bahagya lamang nasimulan at 29% ang ni hindi pa naipatupad. Dahil dito, nauwi sa wala ang kabuhayan ng maraming na-dekomisyon nang mandirigma at nasadlak sa ibayong kahirapan at gutom ang kanilang mga pamilya.

Sa bahagi ng MILF, umaabot sa 26,145 kombatant nito ang na-dekomisyon at mahigit 2,000 na ang nasalong nilang armas. Ang bilang na ito ay 65% sa buong 40,000 armadong pwersa ng grupo. "Wala ni isa" sa kanila ang matagumpay na "nagtransisyon sa produktibong buhay sibilyan" dahil ang mga rekisito para rito ay hindi natupad, liban sa pagbibigay ng ₱100,000 kada mandirigma, ayon sa MILF. Ayon sa MILF, "dapat munang magkaroon ng makabuluhang interbensyong sosyo-ekonomiko para sa mga kombatant na natukoy nang paatrasin bago isunod ang iba pang mga kombatant," ayon sa MILF.

Hindi lamang sa mga usapin sa ekonomya palpak ang tugon ng reaksyunaryong estado. Ilang beses na rin nitong sinagkaan ang proseso sa pagsasarili ng pamamahala sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM). Dalawang beses na nitong ipinagpaliban ang eleksyon para itatag ang parlamentong Bangsamoro. Noong Marso, makaisang panig na pinalitan ni Ferdinand Marcos Jr si Ahod "Murad" Ebrahim bilang punong ministro ng Bangsamoro Transition Authority, at winakasan ang mayoryang kontrol ng MILF dito. Tinawag ni Ebrahim ang hakbang bilang "tahasang pakikialam" ng pambansang gubyerno sa mga proseso ng BARMM at binalaan ang rehimeng Marcos laban sa pagpapahina sa proseso ng pagtatayo ng awtonomiya na itinakda ng CAB.

Umasa ang maraming Moro sa kapayapaan at pag-unlad ng ipinangako ng CAB. Pero lampas 10 taon mula nang pirmahan ito, nanatili silang lugmok sa kahirapan. Bumubuntot ang tantos ng lokal na pag-unlad at nananatiling isa sa pinakamahirap na rehiyon ang BARMM. Halos doble ng pambansang abereyds ang tantos ng disempleyo dito, at 89% ng mga manggagawa dito ay nasa impormal na sektor. Ang pinakamataas na minimum na sahod sa rehiyon ay ₱411 para sa mga manggagawang di agrikultural at ₱386 para sa mga manggagawa sa agrikultura, kabilang sa mga manggagawa sa komersyal na plantasyon. Ang mga halagang ito ay 34% at 32% lamang sa minimum na nakabubuhay na sahod na ₱1,200. AB



PENCAS at SFLMA: Pagkalakal ng rehimeng US-Marcos sa likas na yaman ng Pilipinas

Ang Pilipinas ang isa sa 17 bansa sa mundo na may masaklaw at ekstraordinaryong kalikasan at saribuhay. Mayroon itong 52,177 uri ng halaman at hayop, halos kalahati ay sa bansa lamang makikita. Sa kabilang banda, ang Pilipinas din ang may pinakamabilis na pagkasira ng kalikasan at pagkawala ng nanganganib na mga uri ng hayop at halaman dahil sa walang pakundangang pandarambong ng mga dayuhan at lokal na mga korporasyon.

Sa ilalim ng rehimeng US-Marcos, ang pandarambong sa kalikasan at likas na yaman ng bansa ay naging mas sistematiko, malawak at mabilis dahil sa pagpapatupad ng Philippine Ecosystem and Natural Capital Accounting System (PENCAS) Act at Sustainable Forest Land Management Agreement (SFLMA).

Pagpepresyo sa kalikasan

Noong Mayo 22, 2024 isinabatas ng rehimen ang PENCAS, na layuning sukatin at lagyan ng presyo ang kalikasan ng bansa. Ayon sa batas, bubuo ang Philippine Statistics Authority ng kumprehensibong sistema ng impormasyon para sukatin ang halaga ng saribuhay at imbak ng likas na yaman ng bansa tulad ng lupa, kagubatan, tubig, at hangin. Gagamitin umanong pamantayan ang United Nations System of Environmental-Economic Accounting (SEEA).

Sa esensya, ang likas yamang hindi dapat naaari o nasusukat ang halaga ay nilagyan ng "price tag" para maibenta sa mga kumpanya.

Mula pa maagang bahagi ng 1990 itinutulak ng United Nations at World Bank ang Pilipinas na magbuo ng proyekto ng pagtatala ng likas na yaman at ugnayan nito sa lokal na ekonomya. Ito ang naging pundasyon para mabuo ang PENCAS. Inilalako ang batas para diumano mapadali ang proteksyon sa kalikasan. Makatutulong din diumano ang mga ganitong datos sa pagbubuo ng mga plano na nakabatay sa syensya sa pangangasiwa sa kalikasan at sa ekonomya ng bansa.

Ngunit ayon sa pananaliksik sa ibang bansa na nagpatupad ng SEEA, ang paglalagay ng presyo sa walang katumbas na halaga ay lalo lamang nagpapababa sa halaga ng kalikasan at nagdudulot ng hindi epektibo at hindi makatuwirang mga hakbangin ng gubyerno. Maaari ding abusuhin ang datos upang bigyang matwid ang pagsira sa kalikasan bilang mas kapakipakinabang para sa ekonomya.

Pagbebenta ng kagubatan

Hayagang nilalako naman ng rehimeng US-Macos para sa pandarambong at pang-aagaw ng lupa ang 1.2 milyong ektaryang kagubatan sa bahagi ng Davao, Soccsksargen at Caraga sa ilalim ng programang SFLMA. Ang programa ay inilunsad noong Hunyo 26 at pinapangasiwaan ng Forest Management Bureau ng DENR. Layon nitong pagisahin ang walong klase ng permit sa paggamit sa kagubatan sa isang 25-taon na programa ng pagpapaarkila sa lupain na labas sa mga erya na nakapailalim sa National Integrated Protected Areas System.

Maaring mag-aplay ang indibidwal, grupo o kumpanya para pangasiwaan at paunlarin ang mga erya ng kagubatan, tulad ng pagtatayo ng plantasyon, *agroforestry*, pastulan, ekoturismo, konserbasyon, at "espesyal" na gamit tulad ng pantalan para sa paggawa ng mga barko, tistisan ng kahoy, kalsada, daanan ng eroplano, *dike*, at proyektong *renewable energy*. Sa ilalim ng programa, ang indibidwal na mamumuhunan ay maaari mamamahala ng 50 ektarya, ang mga organisasyon ng 1,000 ektarya, at ang mga kumpanya nang hanggang 40,000 ektaryang kagubatan.

Maaari ding magtanim ng puno ang mga dayuhang kumpanya upang "makansela" diumano ang pagsira nila ng kalikasan sa ibang lugar. Tinatayang makakakolekta ang DENR ng kita mula sa *user's fee* na aabot sa ₱85,000 kada ektarya kada taon o 3% na netong kita, kasabay pa ang mga bayad sa aplikasyon at iba pang bayarin.

Ipinakikita ng mga hakbanging ito na habang nagpoposturang makakalikasan ang rehimeng US-Marcos, buo-buo nitong isinusuko ang natural na yaman ng bansa sa mga lokal at dayuhang malalaking burgesyang kumprador na magreresulta sa kapinsalaan sa milyunmilyong mga katutubo, magsasaka at mamamayan. AB

